

Sinuman ay maaaring maging biktima ng krimen, pero ang mga nakatatandang tao, lalo na ang mga may kapansanan sa katawan at isipan, ay higit na mahina ang panlaban sa pang-aabuso, kapabayaang, at pagsasamantala.

Maraming matatandang tao ang naihihiwalay, at madalas na ang nang-aabuso ay isang taong pinagkakatiwalaan nila, tulad ng isang kamag-anak, kaibigan, tagapangalaga o tagapagkaloob ng serbisyo. Nagagawa nitong mas mahirap na makipag-ugnayan ang matanda o humingi ng tulong. O maaaring matakot sila o labis na nahihiyang iulat ang pang-aabuso.

Ano ang pang-aabuso sa matanda?

Ang pang-aabuso sa matanda ay maaaring:

Pisikal

- Pagsuntok, pagsampal, pagtulak, pagsipa, o pagpaso
- Pagkulong o paglimita sa paggalaw
- Maling pagbibigay ng gamot, o pagkakait ng gamot
- Sekswal na pang-aabuso
- Hindi pagkaloob ng pagkain, pag-aalaga, at isang ligtas na kapaligiran

Pandamdamin

- Pagtawag ng nakasasakit na pangalan, pag-alipusta, paninisi, o laging pagpuna
- Pagwawalang-bahala o pagtanggap makipag-usap sa matanda

Pinansiyal

- Pagnanakaw ng cash, ari-arian o pera mula sa pinansiyal na account ng matanda
- Hindi wastong paggamit ng Kapangyarihan ng Kinatawan (Power of Attorney)
- Pagbabago ng testamento o trust ng matanda nang walang pahintulot
- Pagbebenta ng ari-arian nang laban sa kagustuhan ng matanda
- Hindi pagkaloob ng pinagkasunduang mga serbisyo
- Pagpuwersa sa matanda na gumawa ng mga partikular na desisyon sa pananalapi

Mga Palatandaan ng Pang-aabuso sa Matanda

Ang matatandang biktima ng *pisikal*, *pandamdamin* o *sekswal* na pang-aabuso ay maaaring:

- Anyong malumbay, natatakot, nagagalit, o nalilito

- Mukhang kulang sa sustansiya, kulang sa tubig, o hindi malinis
- Namumuhay sa isang hindi malinis na kapaligiran
- May hindi maipaliwanag o kahina-hinalang pinsala
- Anyong walang kontak sa ibang mga tao

Ang mga palatandaan ng *pinansiyal* na pang-aabuso ay maaaring ang:

- Mga pagbabago sa mga gawi sa paggasta ng matanda
- Mga pagkuha ng pera mula sa ATM, kahit na walang kakayahang maglakad o makapunta sa ATM ang matanda
- Mga pirma na hindi sa panulat ng matanda
- Personal na ari-arian na nawawala
- Ang matanda ay may pera, pero naninirahan sa mahihinang kalagayan

Maaari ninyong makita ang mga palatandaan ito sa isang matanda na hindi inaabuso. Pero para sa kaligtasan ng nakatatanda, iulat ito.

Gumawa ng mga Hakbang Upang Protektahan ang Inyong Sarili

Pagpigil

- **Bantayan ang inyong pera.** Suriin nang madalas ang mga pahayag ng inyong mga account ng bangko at credit card.
- **Siyasatin ang inyong mga tagapagkaloob ng serbisyo.** Laging gumawa ng pagsisiyasat ng pinagdaanan *bago* kayo magtrabahong kasama ng isang bagong tagapagkaloob. Kausapin din ang mga tagapag-employo mula sa kanilang mga dating trabaho.
- **Maghanda ng mga dokumentong pambatas,** tulad ng isang Testamento ng Buhay (Living Will) at Power of Attorney. Sumangguni sa isang abugado o sa iyong lokal na opisina ng Tulong na Pambatas.

Patuloy na Kaligtasan

- **Manatiling nakakonekta.** Hilingin sa mga taong kakilala at pinagkakatiwalaan ninyo na bisitahin o kontakin kayo. Magiging mas mahirap para sa isang tao na abusuhin kayo kung madalas na may ibang mga tao sa paligid.
- **Mga Pagtingin na Pangkaligtasan.** Hilingin sa isang taong pinagkakatiwalaan ninyo na palagiang

tingnan kayo upang matiyak na kayo ay ligtas. Maaari kayong humiling sa isang kamag-anak, manggagawang panlipunan mula sa Mga Serbisyong Proteksiyon ng Nasa Hustong Gulang, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, tagapagtaguyod, o isang tao mula sa inyong lugar ng pagsamba.

- **Panatiliing laging nakahanda ang inyong mga kasangkapan sa komunikasyon** (mga telepono, computer, mga pantulong sa pandinig, atbp.)

Edukasyon

- Alamin ang tungkol sa pisikal, sekswal, at pandamdaming pang-aabuso, at mga tagatulong sa inyong komunidad. Makakakuha kayo ng impormasyon mula sa inyong lokal na sentro ng komunidad, sentro ng nakatatanda, o sa aming opisina.
- Alamin kung paano protektahan ang inyong pera at ibang mga yaman:
 - Kausapin ang isang abugado tungkol sa mga paraan upang protektahan ang inyong mga yaman.
 - Pumunta sa isang klase o libreng klinika na nagpapakita sa inyo kung paano protektahan ang inyong mga yaman.
 - Huwag hayaang isang tao lamang ang may daan sa inyong mga yaman. Ang pagkakaroon ng 2 o higit na tao, tulad ng isang tagapagkaloob ng serbisyo *at* isang kaibigan o kamag-anak, ay nangangahulugang malalaman ng bawat isa ang ginagawa ng iba.

Iulat ang Pang-aabuso

Kung sa palagay mo ay may isang matandang inaabuso, iulat agad ito! Kapag ang pang-aabuso ay iniulat, magagawa ng mga awtoridad na protektahan ang matanda at madala ang nang-aabuso sa hustisya. Kapag ang pang-aabuso ay *hindi* iniulat, ito ay nagpapatuloy.

Paano Dapat Mag-ulat

Sinuman ay maaaring mag-ulat ng pang-aabuso, kahit na hindi ka isang kamag-anak o may-kaugnayan sa matanda.

Kung ang biktima ay nasa isang bahay ng pag-aalaga o pangangalaga sa tahanan, tawagan ang inyong Ombudsman ng Pangmatagalang Pangangalaga o ang pulisya ng inyong county.

Kung ang biktima ay hindi naninirahan sa isang pasilidad, kontakin ang APS (Adult Protective Services) ng inyong county.